7-6
5-3-11

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG ABRIL 11, 2011, LUNES, SA GANAP NA IKA- 9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN nasa bakasyon |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad – nagpaalam |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 155-T2011**

**KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG PAGKILALA SA MAHUSAY AT MABUTING PAMAMAHALA NG KAGALANG-GALANG PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN UKOL SA PAGPAPALAKAS NG PROGRAMA SA OPLAN SAGIP-KALINGA KAUGNAY NG PAGDAMPOT SA PITONG MGA TAONG-GRASANG MAY KAPANSANAN SA PAG-IISIP UPANG DALHIN SA NATIONAL CENTER FOR MENTAL HEALTH, LUNGSOD NG MANDALUYONG PARA SA KAUKULANG LUNAS AT GAMUTAN, AYON SA KANYANG PAG-AATAS.**

**SAPAGKA'T,** ang pagpapanatili ng kaayusan at kalinisan sa bayan ng Santa Cruz ay isa sa mga pangunahing programa ng kasalukuyang pamamahala;

**SAPAGKA'T,** ang Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban ay naglilingkod sa bayang ito nang may pagmamalasakit at pagpapahalaga sa kanyang tungkulin;

**SAPAGKA'T**, isa nang kabutihang gawain ay iayos at ipanatili ang kagandahan at kaayusan ng kapaligiran na kanyang ipinamulat sa kanyang nasasakupan tulad ng isinagawang Operasyon Dampot ng mga kaukulang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Paglilingkod, sa pagsuporta ng mga kaukulang tauhan ng Pulisya, ayon sa kanyang pag-aatas;

**SAPAGKA'T,** karapat-dapat na siya'y kilalanin ng kanyang mga kababayan na patuloy na naninindigan sa mga pinanumpaang gawain at tungkulin para sa bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Magpaabot ng pagkilala sa mahusay at mabuting pamamahala ng Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban ukol sa pagpapalakas ng programa sa Oplan Sagip-Kalinga kaugnay ng pagdampot sa pitong mga taong-grasang may kapansanan sa pag-iisip upang dalhin sa National Center for Mental Health, Lungsod ng Mandaluyong para sa kaukulang lunas at gamutan, ayon sa kanyang pag-aatas.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, bayang ito, para sa kanyang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Abril 11, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo